# Huling Araw ng Aplikasyon para sa Tulong ng FEMA Pinalawig Hanggang Ika-30 ng Oktubre

**Release Date: October 12, 2023**

**CHICAGO** – Ang huling araw para sa mga nakaligtas ng matinding bagyo at pagbaha noong ika-29 ng Hunyo –ika-2 ng Hulyo na mag-apply para sa Tulong Pang-Indibidwal ng F**E**MA ay pinalawig hanggang ika-30 ng Oktubre, 2023.

Itong pagpapalawig ay nalalapat sa mga nakaligtas na nakatira sa Cook County.

Ang tulong ng FEMA para sa mga indibidwal at pamilya ay maaaring magsama ng pera para sa tulong sa upa, mahahalagang pagpapa-ayos ng bahay, personal na pagkawala ng pag-aari at iba pang seryosong pangangailangan na may kaugnayan sa sakuna na hindi sakop ng seguro.

Para mag-apply:

- Pumunta sa online sa DisasterAssistance.gov.
- Gamitin ang mobile app ng FEMA.
- Tumawag sa linya ng tulong ng pantulong sa sakuna sa 800-621-3362. Maaring makagamit ng multilinggwal na operator. Kung gumagamit ka ng serbisyo ng relay sa bidyo, serbisyo ng naka-caption na telepono o iba pa, ibigay mo sa FEMA ang iyong numero para sa serbisyong iyon.
- Bumisita sa isang sentro ng pagbawi sa sakuna. Ang mga sentro ay nagsisilbing sentro ng serbisyo para sa mga nakaligtas na nangangailangan ng isa-sa-isang tulong. Ang mga nakaligtas ay maaaring bumisita sa kahit anong sentro para sa tulong. Upang makahanap ng mga lokasyon ng sentro at kasalukuyang oras ng trabaho, bumisita sa FEMA.gov/DRC.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagbawi ng Cook County, bumisita sa www.fema.gov/disaster/4728. Ang huling araw para mag-apply para sa tulong sa sakuna ay ngayong naging ika-30 ng Oktubre, 2023.